DepEd- SDO of Bulacan Office of the SDS
RECEIVED
JUL 06 2021
By:
Time: 2:30

Reproduction No. 217 s, 2021

Republika ng Pilipinas
LALAWIGAN NG BULACAN
Lungsod ng Malolos

**PANLALAWIGANG TANGGAPAN NG KABATAAN, ISPORTS AT *PUBLIC EMPLOYMENT SERVICE OFFICE***

Hulyo 1, 2021

DepEd - SDO of Bulacan
RECEIVED
JUL 06 2021
By: 2:30

**DR. ZENIA G. MOSTOLES, CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Kagawaran ng Edukasyon – Dibisyon ng Bulacan
Lungsod ng Malolos, Bulacan

Mahal na **Dr. Mostoles:**

Isang mainit na pagbati!

Sa gitna ng patuloy nating nararanasang pandemya, ang Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan sa pamamagitan ng aming tanggapan ay patuloy na nagsasagawa ng mga programang pangkabataan, habang tumatalima sa mga ipinatutupad na *community quarantine guidelines* ng *IATF*, isa na rito ang serye ng *YouthTube Online Kabataan Karavan.* Layunin ng programang ito na makapagbigay ng napapanahon at mahahalagang impormasyon sa mga kabataan at patuloy na maragdagan ang kanilang kaalamang magagamit sa grupo at komunidad na kanilang kinabibilangan. Kabilang sa mga paksang nakatakdang talakayin ay ang *Youth Organization Registration Program (YORP), Blended Learning System, Disaster Preparedness* at *Substance Use & Abuse.*

Kaugnay po nito, magalang naming hinihiling na sa inyong mabuting tanggapan na makapag-anyaya ng mga mag-aaral ng *junior* at *senior high school* ng inyong nasasakupan sa *webinar* tungkol sa *Disaster Preparedness* na gaganapin sa Hulyo 21, 2021, ganap na ika-9:30 ng umaga *via Zoom* (Meeting ID: 856 4455 0458 Passcode: 731 107) at *facebook live* ng *Pyspeso Bulacan.*

Pauna na ang aming pasasalamat at inaasahan po namin ang inyong positibong pagtugon sa aming kahilingan.

"Sipag at Tapat na Maglilingkod sa Inyo"

Sumasainyo,

**ABGDA. KENNETH Z. OCAMPO-LANTIN**
Pinuno



DF

*Blas F. Ople Building, Capitol Compound, Guinhawa, LungsodngMalolos, Bulacan 3000*